**Pamagat**: Ikaw Ang May Mga Salita ng Buhay

**Bible Text**: John 6:68 "Then Simon Peter answered him, Lord, to whom shall we go? thou hast the words of eternal life."

> *Pagsasalin*: Sumagot sa kanya si Simon Pedro, "Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan." (Juan 6:68)

**Panimula**:

1. Itong mga salita ay ang dakilang pagaamin ni Pedro kay Christo, "ikaw ang may mga salita ng buhay an walang hanggan."
2. Sa kasalukuyan ng mga pangyayari sa buhay ni Jesus, marami ang mga sumasama sa Kanya malamang dahil sa Kanyang mga himala o milagro. Ang akala ng iba si Jesus ay ang political lider na inaabangan nila upang ibaksak ang Roma na sumakop sa Israel.
    - 2.a. Ganito rin ang ugali ng tao: "ano ang makukuha ko rito?"
    - 2.b. Maraming may mga maling paniniwala patungkol kay Christo.
3. Itong chapter 5-6 ay ang pangatlong visit ng Panginoon sa Judea para sa Passover. Malapit na siyang magtapos ng Kanyang mission ng kaligtasan, at mas lalo Niyang binibigyang diin ang pagtuturo Niya patungkol sa Kanyang mission. (cf. vv. 48, 52-53, 60, 66).

**I. Ang Tanong ni Pedro: "Panginoon, kanino kami pupunta?"**

A. Ang tao ay parating naghahanap ng lunas para sa kanilang kakulangan. Alam nila sa kanilang puso, na mayroong isang butas o lubak sa kaluluwa na hindi maaring mapunuan ng kahit ano.
  - A.1. Pera at kayamanan
  - A.2. Kasikatan
  - A.3. Katayuan o pwesto o istasyon sa buhay.
  - A.4. Relihiyon at rituwal

B. Dapat lumapit tayo sa Panginoong Jesus. Ang Panginoong Jesus ng Biblia (hindi yun mga maling Christo ng iba't-ibang mga kulto o relihiyon ng tao). "Panginoon, kanino kami pupunta? <u>Ikaw</u> ang may mga salita ng buhay na walang hanngan."

**II. Ang Pagaamin ni Pedro: "Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan**."

A. Si Jesus lamang ang tanging pagasa ng makasalanang tao.
  - A.1. Ang Kanyang sakripisyo ay ang tanging basihan o batayan ng kaligtasan.
  - A.2. Si Jesus lamang ang tanging Tagapamagitan at Tagapagtugma sa isang banal na Dios at sa makasalanang tao.
  - A.3. Si Jesus ang kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng buong mundo.
  - A.4. Hindi natin maaring asahan ang ating mga mabubuting gawa, kahit na ang ating pagsisisi at pananalangin, hito ito dahilan ng ating kaligtasan.

B. Ang salita ng Panginoon ay "mga salita ng buhay."
  - B.1. Wala na tayong pinakamakapangyarihang salita kaysa dito.
  - B.2. Ito ay mga malilinaw na salita, puro, preserba, mga salita ng pag-ibig.
  - B.3. Ang salita ng tao – papalit-palit ito, pero ang salita ng buhay, o salita ng Dios ay ayos, o palagian. Kanino ka umaasa? Sa salita ng tao o salita ng buhay (o ng Dios)? Sana huwag mong tanggihan ng mapagmahal na salita ng Panginoon.

**Katapusan**:

1. Kaibigan huwag mong lapitan ang tao, lapitan mo ang Dios sa pangalan ng Panginoong Jesus.
2. Magsisi ka sa iyong sariling pananaw at pagsisikap at sumampalataya ka kay Jesus na Siyang ipininagkaloob sa atin ng Dios Ama.
3. Si Jesus lamang ang may mga salita ng buhay na walang hanngan. At itong mga salita ng Dios ay nagbibigay sa atin ng kaalaman patungkol sa mga espirituwal na bagay. Itong mga salita ay nagbubuo ng pananampalataya sa ating kaluluwa, at inilalagay natin ang ating pananampalataya kay Jesus, at hindi sa ating sarili.
4. Tulungan tayo, nawa, ng Banal na Espiritu, na tanggapin si Jesus sapagkat gaya ng sinabi ni Pedro: Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.